



Alamin ang mga katangian nito.
Magtiwala na tunay ito.



Damhin
ang papel



Ikiling ang
perang papel



Suriin gamit
ang liwanag



Damhin ang papel


Igalaw ang iyong daliri sa buong perang papel. Dapat itong maging bahagyang magaspang sa paghipo bilang resulta ng proseso sa pag-impenta at ng kakaibang komposisyon ng papel.



Ikiling ang perang papel

Ikiling ang perang papel upang makita ang pagbabago ng kulay ng tinta sa mga numero sa kanang sulok sa ibaba. Sa kasalukuyang estilo ng mga perang papel, ang kulay ay dapat magbago mula sa kulay na tanso o copper patungo sa berde.

- Ang tinta na nagbabago ng kulay ay lumalabas sa mga denominasyong \$10 at pataas.
- Ang kasalukuyang estilong \$100 na perang papel ay may kasamang dalawang karagdagang tampok sa seguridad na maaaring suriin sa pamamagitan ng pagkiling nito: isang kampana na nagbabago ng kulay sa inkwell at isang 3-D security ribbon. Ang 3-D security ribbon ay naglalaman ng mga larawan ng mga kampana at 100s na gumagalaw habang ikiniling mo ang perang papel.



Suriin gamit ang liwanag

Itapat ang perang papel sa liwanag para makita ang watermark at security thread mula sa harap at likod ng perang papel.

- Ang security thread ay nasa iba't ibang lokasyon sa bawat denominasyon na \$5 at mas mataas.
- Ang mga watermark sa mga perang papel na \$10, \$20, \$50, at \$100 ay dapat tumugma sa larawan sa harap ng perang papel. Ang perang papel na \$5 ay may mga watermark na may numerong 5.

Bisitahin ang uscurrency.gov para sa karagdagang impormasyon at pagsasanay sa mga mapagkukunan sa pagpapatunay ng kasalukuyan at mas lumang mga estilo ng pera ng U.S.

Maging pamilyar sa mga pamamaraan ng pag-uulat ng mga pekeng pera ng iyong organisasyon, at sundin ang mga pamamaraan iyon kung hindi ka sigurado kung ang perang papel na iyong hinahawakan ay tunay na pera ng U.S. Maaaring kabilang sa mga pamamaraan ang pag-abiso sa iyong tagapamahala, pag-abiso sa iyong kinatawan sa pag-iwas sa pagkalugi, o pagtawag sa iyong lokal na awtoridad sa pagpapatupad ng batas.